# Pinakamababang pamantayan ng Higher School Certificate (HSC)

## Impormasyon para sa mga magulang at tagapag-alaga

Minamahal na mga magulang at mga tagapag-alaga

Ang pagsisimula ng patakarang pinakamababang pamantayan ng Higher School Certificate (HSC) ng Awtoridad sa Pamantayan ng Edukasyon sa NSW (NSW Education Standards Authority (NESA)) ay nangangahulugan na kailangang maipakita ng mga mag-aaral sa NSW ang pinakamababang pamantayan ng karunungang magbasa at magsulat at karunungang magbilang upang makamit ang kanilang katibayan ng Higher School Certificate (HSC).

Ang mga mag-aaral ay magsusulit para sa pinakamababang pamantayan ng HSC sa tatlong mga saklaw ng pagbasa, pagsulat at pagbilang. Ang bawat online na pagsusuri ay 45 minuto ang haba at nakabalangkas tulad ng mga sumusunod:

- isang pagsusuri na may maraming pagpipiliang sagot para sa pagbasa;
- isang pagsusuri na may maraming pagpipiliang sagot para sa pagbilang; at
- isang pagsusuri ng pagsulat (hanggang 500 mga salita) batay sa isang nakasulat o may ipapakitang bagay.

Kailangang makamit ng mga mag-aaral ang Antas na 3 o 4 sa lahat na tatlong mga saklaw ng pagsusuri upang makamit ang pinakamababang pamantayan ng HSC. Nangangahulugan ito na ang mga mag-aaral na nakakapagpatunay ng pamantayan ay mayroong batayang praktikal na kasanayan na ginagamit sa pang-araw-araw na buhay, para sa trabaho at karagdagang pag-aaral.

Ang mga mag-aaral ay may maraming pagkakataon bawat taon upang gawin ang mga online na pagsusuring ito, mula Year 10 hanggang sa pagwakas ng Year 12. May mga panahon ng paghihintay sa pagitan ng muling pagsusubok sa bawat pagsusuri.

Ang mga mag-aaral ay susuportahan ng paaralan upang matugunan ang pinakamababang pamantayan ng HSC. May mga pagsasanay na pagsusuri na makukuha sa paaralan at mga tanong na pang-demonstrasyon sa online sa website ng NESA: https://educationstandards.nsw.edu.au/wps/portal/nesa/11-12/hsc/hsc-minimum-standard/online-tests

Mangyaring makipag-ugnay sa paaralan kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon.

Kung naniniwala ka na ang iyong anak ay may mga karagdagang pangangailangan at kwalipikado sa mga karagdagang probisyon para sa pinakamababang pamantayan ng HSC, pakitawagan ang taong matatawagan sa paaralan na nakalagay sa ibaba:

Pangalan ng taong matatawagan sa paaralan

Numero ng telepono ng taong matatawagan sa paaralan

Lubos na gumagalang

Punong-Guro

Pangalan ng paaralan

### Serbisyo ng Interpreter sa Telepono

Kung kinakailangan mo ng isang interpreter upang tulungan ka na makipag-ugnay sa paaralan, pakitawagan ang Serbisyo ng Interpreter sa Telepono sa 131 450 at humiling ng isang interpreter sa iyong wika. Sabihin sa opereytor ang numero ng telepono na gusto mong tawagan at ang opereytor ay kukuha ng isang interpreter na nasa telepono din upang matulungan ka sa pakikipag-usap. Hindi ka sisingilin para sa serbisyong ito.